



City of Cerritos

OFFICIAL SAMPLE BALLOT and Voter Information Guide

General Municipal Election March 4, 2025

For assistance, please visit or contact:

**OFFICE OF THE CERRITOS
CITY CLERK / ELECTIONS OFFICIAL**

**Cerritos City Hall, 1st Floor
18125 Bloomfield Avenue
Cerritos, CA 90703**

(562) 916-1248

Election2025@cerritos.us

cerritos.gov



Bawat botante ay makakatanggap ng balota ng Vote-by-Mail para sa halalan na ito. Walang selyo ang kailangan upang maibalik ang iyong balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo. Ang mga botante ay maaari ding humiling ng kapalit na Vote-by-Mail na balota sa pamamagitan ng pagbisita sa Opisina ng Klerk ng Lungsod / Opisyal ng mga Eleksyon sa Cerritos City Hall sa mga oras ng personal na pagboto, gaya ng naka-post at itinalaga.

Nakalista sa ibaba ang mga opsyon para bumoto at ibalik ang nakumpletong Vote-by-Mail na mga balota para sa halalan na ito. Tandaang lagdaan at lagyan ng petsa ang iyong Sobre sa Pamamagitan ng Koreo sa pagbabalik ng balota upang matiyak na mabibilang ang iyong balota.

Alam mo bang mayroong Espesyal na Pangunahing Halalan na idadaraos ng Los Angeles County sa Pebrero 25, 2025? Kwalipikado ang mga botante ng Cerritos na bumoto sa Espesyal na Pangunahing Halalan para sa pwesto ng Distrito 36 ng Senado ng Estado hanggang 8:00 p.m. sa araw ng halalan (Pebrero 25).

Pinapaalalahanan ang mga botante na itugma nang maingat ang kanilang mga balota at sobre:

- Gamitin ang sobrang may **logo at address ng Registrar ng mga Botante ng Los Angeles County** para ibalik ang balota para sa **Espesyal na Pangunahing Halalan ng Distrito 36 ng Senado ng Estado**
- Gamitin ang sobrang may **logo at address ng Lungsod ng Cerritos** para ibalik ang balota para sa **Pangkalahatang Munisipal na Halalan ng Cerritos sa Marso 4, 2025**

Dapat isumite ang mga balota para sa Pangkalahatang Munisipal na Halalan ng Cerritos sa Marso 4, 2025 gamit ang mga naaprubahang pamamaraang nakalista sa ibaba.

Drop Box ng Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo – Hindi Kinakailangan ang Selyo

Bukas 24 oras sa isang araw simula:
Lunes, Pebrero 3, 2025 hanggang
Martes, Marso 4, 2025, 8:00 p.m.

Mga Lokasyon ng Drop Box:

Cerritos Civic Center Plaza
18125 Bloomfield Avenue
Cerritos, CA 90703

Cerritos Park East
13234 E.166th Street
Cerritos, CA 90703

Sa pamamagitan ng United States Postal Mail (USPS) – Walang Kinakailangang Selyo

Ibalik ang iyong nakumpletong Vote-by-Mail Ballot sa pamamagitan ng United States Postal Mail

In-Person sa Opisina ng Klerk ng Lungsod / Opisyal sa Eleksyon

Cerritos City Hall, 1st Floor
18125 Bloomfield Avenue
Cerritos, CA 90703

Mga Petsa at Oras ng In-Person Voting:

Araw ng Linggo na Pagboto:
Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.
Pebrero 3 hanggang Marso 3, 2025

Pagboto sa Linggo:
Sabado, Marso 1, 2025, 10:00 a.m. hanggang 2:00 p.m.
Linggo, Marso 2, 2025, 10:00 a.m. hanggang 2:00 p.m.

Pagboto sa Araw ng Halalan:
Martes, Marso 4, 2025, 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Para sa karagdagang impormasyon
makipag-ugnayan sa:

(562) 916-1248
o kaya
Election2025@cerritos.us

Mga Pahayag ng Kandidato at Impormasyon sa Pagsusukat sa Balota

Ang mga sumusunod na pahina ay naglalaman ng Opisyal na Sampol na Balota at karagdagang impormasyong nauugnay sa halalan.

Mga Pahayag ng Kandidato

Ang mga pahayag ay boluntaryo ng kandidato. Ang mga ito ay hindi na-edit o na-verify para sa katumpakan ng sinumang opisyal ng halalan. Hindi lahat ng kandidato ay pumili para sa isang naka-print na pahayag ng kandidato.

Walang Kinikilingang Pagsusuri ng Abugado ng Lungsod sa mga Panukala sa Balota

Ang pahayag ay isang walang kinikilingan na pagsusuri ng Panukala sa Balota. Kung gusto mo ng kopya ng buong teksto ng Panukala, mangyaring tawagan ang Opisina ng Klerk/Opisyal ng Eleksyon ng Lungsod ng Cerritos sa (562) 916-1248 o mag-email sa election2025@cerritos.us at ang isang kopya ay ipapadala o ipapadala nang walang bayad sa iyo.

Mga Pangangatwiran - Mga Panukala sa Balota

Ang mga argumento ay ang mga opinyon ng mga may-akda. Ang mga ito ay hindi na-edit o na-verify para sa katumpakan ng sinumang opisyal ng halalan.



PANUTO PARA SA MGA BOTANTE:

Gumamit lamang ng itim o asul na tinta na panulat.

Upang bumoto para sa isang kandidato na ang pangalan ay makikita sa balota, punan ang parihabang kahon nang buo sa kaliwa ng pangalan ng kandidato. Huwag magsulat ng marka sa labas ng kahon. Upang bumoto para sa isang kwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato, isulat ang pangalan ng tao sa blangkong puwang na may label na 'isinusulat-lamang na kandidato' at punan ang kahon sa kaliwa ng pangalan ng isinusulat-lamang na kandidato, nang hindi mag marka sa labas ng kahon. Ang posisyon ng 'isinusulat-lamang na kandidato' ay matatagpuan pagkatapos ng mga pangalan ng iba pang mga kwalipikadong kandidato para sa parehong opisina. Ang isang listahan ng mga kwalipikadong isinusulat-lamang na kandidatos ay makukuha 11 araw bago ang araw ng halalan. Ang listahan ng mga kwalipikadong isinusulat-lamang na kandidatos ay maaaring makuha sa cerritos.gov at mula sa City Election Official. Maaari kang bumoto ng hindi hihigit sa TATLO kandidato para sa Miyembro ng Konseho ng Lungsod.

Mayroong dalawa na Charter Amendment Measures na lumalabas sa balota. Maaari kang bumoto para sa bawat isa sa dalawa na Mga Panukala sa Pagbabago sa Charter. Upang bumoto para sa isang Panukala sa Pagbabago sa Charter, punan nang buo ang parihabang kahon na nagsasaad ng iyong boto na "OO" o "HINDI". Huwag magsulat ng marka sa labas ng kahon.

Hindi mo kailangang bumoto sa bawat paligsahan sa balota. Kung mali mong markahan, punitin, o siraan ang balotang ito, maaari kang humiling ng bagong balota mula sa Opisyal ng Halalan ng Lungsod.

Para sa Dalawang Miyembro ng Konseho ng Lungsod

Bumoto ng hindi hihigit sa TATLO

- Adrian Ayub**
Negosyante
- Jennifer Hong**
Babaeng negosyante
- Hao (Ricky) Huynh**
Technician ng Teknolohiyang Pang-impormasyon
- Esther Hwang**
Tagapamahala ng Programa na Hindi Pangkalakalan
- Riaz Surti**
Negosyante sa Elektronikong Komersyo
- Mark E. Pulido**
Retiradong Tagapagpaganap ng Pamahalaan
- Rocky Pavone**
Negosyante/Tagapagturo sa Pananalapi
- (Pat) Ashok Patnaik**
Banker
- "JC" Jignesh Chokshi**
May-ari ng Maliit na Negosyo
- Sophia Tse**
Miyembro, ABCUSD Board of Education/Nars
- isinusulat-lamang na kandidato
- isinusulat-lamang na kandidato
- isinusulat-lamang na kandidato

MGA PANUKALA NA IPINASA SA MGA BOTANTE

Panukala J

Maaamyendahan ba ang Charter ng Lungsod ng Cerritos para hilingin na ang pag-apruba ng botante ay dapat makuha para sa anumang pagbabago sa hinaharap sa petsa ng pangkalahatang pangmunisipyong halalan ng Lungsod, na kasalukuyang itinatag bilang unang Martes pagkatapos ng unang Lunes ng Marso ng bawat taon na may odd na numero, at gumawa ng mga umaayon na pag-amyenda. hanggang sa petsa ng pagsisimula ng termino ng bawat miyembro ng Konseho ng Lungsod at petsa ng pagpili ng Alkalde, na nauugnay dito?

- oo
- HINDI

Panukala K

Maaamyendahan ba ang Charter ng Lungsod ng Cerritos para tanggalin o baguhin ang mga probisyon batay sa papalit at preemptive na batas ng Estado, pataasin ang kahusayan sa pagpapatakbo sa Buong Lungsod sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga reference sa hindi napapanahong mga kasanayan sa negosyo, at tamang gramatikal, bantas, at mga pagkakamali sa pagbabaybay?

- oo
- HINDI



Para Sa Miyembro Ng Konseho Ng Lungsod

JENNIFER HONG

Trabaho: Babaeng negosyante

Minamahal na mga Botante:

Ako ay residente ng Cerritos sa loob ng mahigit 39 na taon at kasama ng aking asawa ay nagpalaki kami ng dalawang kagiliw-giliw na anak na lalaki sa lungsod na ito.

Mahigit 14 na taon na akong nakikibahagi sa Serbisyong Pampubliko ng Cerritos. Noong ako ang naging Tagapangulo ng Komisyon sa Pagpapalano ng Cerritos, naging instrumento ako sa pag-apruba ng ilang proyektong, na nagdulot at patuloy na nagdulot ng malaking benepisyo sa ating mga residente. Miyembro din ako ng Artesia-Cerritos Women's Club at Soroptimist International ng Artesia-Cerritos.

Bilang isang babaeng negosyante, nilikha at itinayo ko ang aking punong-tanggapan dito mismo sa Cerritos. Gamit ang aking kaalaman at karanasan sa negosyo, may kakayahan akong maglingkod sa lungsod at sa mga residente nito.

Kung mahalal, ang aking mga priyoridad ay:

Gawing pangunahing priyoridad ng Lungsod ang kaligtasan ng publiko. Pagbutihin ang posisyon sa pananalapi ng Lungsod. Pondoan ang mga pampublikong pagpapahusay kabilang ang pagpapanatili ng kalsada, landscape at pasilidad. Ipatupad ang pagkamasinop sa pananalapi. Pondoan ang mahahalagang serbisyo at programa ng Lungsod. Pangasiwaan ang pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapanatili at pag-akit ng mga lokal na negosyo. Panatilihin ang lokal na kontrol sa paggamit ng lupa. Protektahan ang Lungsod mula sa mga hindi pinondohang kautusan ng abot-kayang pabahay.

Mangyaring iboto ako sa Marso 4, 2025. Ikinararangal kong maging boses ninyo at maigi akong magsisikap na lutasin ang anuman at lahat ng alalahanin ng ating mga residente.

HAO (RICKY) HUYNH

Trabaho: Technician ng Teknolohiyang Pang-impormasyon

Edad: 51

Bilang isang dedikadong pampublikong tagapaglingkod na may 30 taong karanasan sa pagtatrabaho para sa Lungsod ng Cerritos, lubos akong nakatuon sa kapakanan at paglago ng ating komunidad. Sa paglipas ng mga taon, nakakuha ako ng napakahalagang pananaw sa mga pagpapatakbo at patakaran ng lungsod, at natatanging pangangailangan ng ating mga residente. Nagbigay sa akin ang aking malawak na karanasan ng malinaw na pag-unawa sa mga hamon na kinakaharap natin, pati na rin ang mga solusyong kailangan para matiyak na patuloy na umuunlad ang Cerritos.

Masigasig ako sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay para sa ating mga residente, pagpapahusay ng mga serbisyo ng lungsod, at pagtiyak ng pananagutan sa pananalapi. Nakatrabaho ko ang mga pinuno at tauhan ng lungsod, na nagpapatibay ng mga pakikipagtulungan para matugunan ang mga pangunahing isyu at mapabuti ang kahusayan. Ang aking matatag na etika sa trabaho at pagtuon sa paghahatid ng mga resulta ay palaging nasa kaibuturan ng aking mga pagsisikap.

Bilang isang kandidato, nangangako akong patuloy na magtatrabaho nang may transparency, integridad, at pagtuon sa pangmatagalang kaunlaran para sa ating lungsod. Makakabuo tayo nang magkasama ng kinabukasan na kung saan mananatiling masigla, ligtas, at nakakaengganyong komunidad ang Cerritos para sa lahat. Mapagpakumbaba akong humihingi ng inyong suporta at boto para patuloy na gawin ang Cerritos na magandang lugar para mamuhay, magtrabaho, at umunlad.

Para Sa Miyembro Ng Konseho Ng Lungsod

RIAZ SURTI

Trabaho: May-ari ng E-Commerce na Negosyo/Ama

Ako si Riaz Surti, at alam kong kakaiba ito, ngunit sana ay maalala ninyo ito pagdating ng araw ng halalan. Nanirahan ako sa Cerritos mula pagkabata. Nag-aral ako sa Stowers, Carmenita, Cerritos High, at USC. Ang layunin ko ay ang maging pinakamahusay na miyembro ng konseho ng lungsod magpakailanman.

Una, uunahin ko ang kaligtasan. Pagkatapos makipagpulong sa mga residenteng nakaranas ng pagnanakaw, napagtanto ko na dapat maglaan ang konseho ng lungsod at ang departamento ng sheriff ng mga mapagkukunan nang mas epektibo. Dapat tayong magsagawa ng pagsusuri ng data para matukoy ang mga lugar na may mas mataas na antas ng krimen at idirekta ang ating mga mapagkukunan para matugunan ang mga alalahangiyon.

Pangalawa, nilalayan kong magtatag ng direktang ugnayan sa pagitan ng Konseho ng Lungsod at Lupon ng Paaralan ng ABC, dahil hindi epektibong nakikipag-ugnayan sa lupon ng paaralan ang kasalukuyang konseho. Hinihikayat ko ang pakikipagtulungan at pagtuklas sa mga pagkakataong magbukas ng mga hindi gaanong ginagamit na gusali, tulad ng Performing Arts Center, para sa mga aktibidad na nauugnay sa paaralan, tulad ng mga dula at kaganapan.

Pangatlo, gusto kong palakasin ang suporta para sa ating mga nakatatanda. Bagama't nag-aalok ang Sentro para sa Nakatatanda ng programming sa mga dadalo nito, kailangan nating makipag-ugnayan sa mga hindi gumagamit nito at magbigay ng mga karagdagang serbisyo at aktibidad para makinabang sila.

Panghuli, mayroon akong ilang ideya para sa pagpapaganda ng ating lungsod at gawing angkop o ligtas para sa paglalakad ang Cerritos. Pinahalalagan ko ang inyong boto.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan
voteriaz.com
riazsurti@gmail.com
(562)900-7272

MARK E. PULIDO

Trabaho: Retiradong Tagapagpaganap ng Pamahalaan / Dating Alkalde, Lungsod ng Cerritos

Edad: 55

Salamat Cerritos sa paghalal sa akin noong 2011 at 2015. Buong pagmamalaki na dalawang beses akong naglingkod bilang inyong Alkalde noong 2014-2015 at 2018-2019. Nagpapasalamat ako para sa mga bagong oportunidad para paglingkuran ang aking bayang kinalakhan sa loob ng 52 taon at magalang na humihingi ng inyong boto.

Dito kami lumaki ng asawa kong si Gloria at nagtapos sa mga paaralan ng ABC. Pagkatapos makapagtapos sa UCLA at sa University of Chicago (Master of Public Policy), pinalaki namin ang aming pamilya dito — isa sa pinakaligtas, maunlad at dinamikong komunidad sa Amerika.

Bilang isang propesyonal, nagtrabaho ako ng halos tatlong dekada sa lokal, pang-estado at pederal na pamahalaan, bilang Assembly Consultant, Senate Director, at Chief of Staff ng Distrito kay Congressman Alan Lowenthal (Retirado).

Bilang inyong may karanasang Miyembro ng Konseho (2011-2020), nagtrabaho ako para malutas ang mga problema nang may pagkahabag at sentido komun. Naisagawa ko ang mga priyoridad na ito at patuloy na pagtatrabahoan ang tungkol sa:

Pampublikong Kaligtasan: Binawasan ang mga pagnanakaw sa tirahan; pinatili ang pinakamababang oras ng pagtugon sa emergency sa County ng Los Angeles;

Pagpapabuti ng Kapitbahayan: Inayos ang mga kalye, bangketa; kinumpuni ang mga palaruan sa parke, kagamitan, mga korte; pinalitan at pina-trim ang libu-libong puno;

Paglago ng Ekonomiya: Inaprubahan ang pagsasaayos ng Cerritos Auto Square at mga bagong pagpapaunlad ng negosyo: 85°C na Panaderya, In-N-Out, Nordstrom Rack, Harkins Theaters, Pabrika ng Cheesecake.

Kalidad ng Buhay: Binuksan ang Library Teen Studio; inaprubahan ang mga bagong pagpapaunlad ng tirahan, at Kaiser Medical Building.

Sama-sama nating isulong ang Cerritos!



Para Sa Miyembro Ng Konseho Ng Lungsod

ROCKY PAVONE

Trabaho: Negosyante/Tagapagturo sa Pananalapi

Edad: 56

Iboto si Rocky Pavone, Konseho ng Lungsod ng Cerritos para Ipaglaban ang Iyong Kaligtasan:

Tahanan: Pinatataas ni Rocky ang inyong Kaligtasan, nangnakikipagtulungan sa Istasyon ng Sheriff ng Cerritos, Pagbabantay ng Kapitbahayan, at nag-i-install ng bagong Advanced na Hi-Technology para Pigilan ang mga Kriminal.

Mga Mag-aaral: Pinapanatiling ligtas ni Rocky ang mga mag-aaral para makapagtapos nang may mga trabaho.

Mga Nakatatanda: Pinoprotektahan ni Rocky ang mga retirado mula sa Pang-aabuso sa Nakatatanda at krimen.

Mga Bangketa at Kalye: Plano ni Rocky na putulin ang mga punong sumisira sa ari-arian, ayusin ang mga bangketa, kalsada, at gusali.

Pamamahala sa Pananalapi: Pinapataas ng Plano sa Pananalapi ni Rocky ang mga Kita, Reserba, at Pagbalanse ng Badyet ng Cerritos.

Si Rocky ay isang Certified Financial Educator®, Registered Social Security Analyst®, at may-ari ng negosyo sa Cerritos na may higit sa 30 taong karanasan sa pagtuturo sa pananalapi, at pagkonsulta sa mga lokal na residente, nakatatanda, pamilya, at negosyo tungkol sa: Paano Gumagana ang Pera, Pagtaas ng Cashflow, Pagbabadyet, Pagtitipid ng Pera, Pagpapalano sa Kolehiyo, Mga Bentahe sa Buwis, Pagpapalano sa Pagreretiro, Wastong Proteksyon, Mga Trust, Testamento ng Nabubuhay at higit pa...

Si Rocky Pavone ay may Karanasan, Serbisyo sa Komunidad, at Pamumuno na Mapagkakatiwalaan Ninyo:

Kapitan ng Pagbabantay sa Kapitbahayan ng Cerritos
Miyembro ng Komite sa Kaligtasan, Distrito ng Kolehiyo ng Cerritos
Presidente ng ASCC ng Kolehiyo ng Cerritos, Katiwala ng Mag-aaral
Miyembro ng Kamara ng Komersiyong ng Cerritos
Tagapagturo ng Distrito ng Paaralan ng ABC Unified
Miyembro ng Komite ng ABC Adult School
Miyembro ng Kamara ng Komersiyong ng mga Filipino American ng Cerritos

33 taon nang kasal si Rocky; nagpapalaki ng dalawang anak.

Pagpalain Kayo ng Diyos sa Pagboto kay Rocky Pavone, Konseho ng Lungsod ng Cerritos!

/s/ Rocky Pavone
562-682-1899
Rocky4Cerritos@gmail.com

(PAT) ASHOK PATNAIK

Trabaho: Banker

Edad: 69

Ako si (Pat) Ashok Patnaik at kandidato ako para sa Konseho ng Lungsod ng Cerritos—2025. Ang aking pamilya ay nanirahan sa Cerritos nang mahigit sa 25 taon, at gustung-gusto naming manirahan dito. Bilang miyembro ng komunidad, pinagpala akong maglingkod sa mga residente sa ilang itinalagang mga posisyon.

Kabilang dito ang pagiging Komisyoner para sa Mga Parke at Libangan, Komisyoner para sa Pagpapaulad ng Ekonomiya (Economic Development), miyembro ng Komite ng Kaligtasan, miyembro ng Bond Measures at bilang miyembro ng team sa Pag-recruit para sa Cerritos College foundation.

Isa akong commercial banker na may malalim na interes sa pagtulong at pagsuporta sa maliliit na negosyo. Mayroon akong degree sa mechanical engineering na may Master of Business Administration (MBA) mula sa Pepperdine University.

Nilalayan kong magbigay ng bipartisan na pamumuno na magiging etikal, walang itinatago (transparent) at may pananagutan.

Kabilang sa aking nangungunang tatlong priyoridad ang pagpapanatiling ligtas sa mga residente sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa istasyon ng Sheriff, at pakikipagtulungan sa mga paaralan para matiyak na nabibigyan ang ating mga anak ng mga kinakailangang mapagkukunan at mga mekanismo ng suporta na kailangan nila para maging matagumpay.

Patuloy ko ring susuportahan ang mga aktibong serbisyo para sa nakatatanda upang mapahusay ang kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Para Sa Miyembro Ng Konseho Ng Lungsod

"JC" JIGNESH CHOKSHI

Trabaho: May-ari ng Maliit na Negosyo

Ang Cerritos ay naging tahanan ko mula noong 1998. Dito namin pinalaki ng asawa kong si Sonal ang aming anak na babae. Nag-aral siya sa mga paaralan ng ABC at nagtapos sa Cerritos High School.

Pinili namin ang Cerritos dahil sa ligtas nitong kapitbahayan, magagandang parke, at isa sa pinakamagandang aklatan sa mundo. Inaasahan ng mga residente ng Cerritos ang mataas na kalidad ng buhay. Buong pagmamalaki kong naglilingkod sa Komisyon sa Pagpapanatili ng Ari-arian at mayroon akong natatanging karanasan sa pakikinig ng mga bagay na may kaugnayan sa mga istorbo sa gusali at ari-arian na hindi sumusunod sa Ordinansa ng Munisipyo ng Cerritos gayundin sa mga apela para sa mga kahilingan para sa pagtanggali ng puno sa parkway. Alam ko kung paano panatilihin ang matataas na pamantayan ng pamumuhay sa Cerritos para protektahan ang inyong pamumuhunan.

Ang aking 5 puntong plano:

Ganap na susuportahan at popondohan ang Kaligtasan ng Publiko Pangangalagaan ang ating mga kalye at bangketa
Pahuhusayin ang mga programa para sa ating mga matatandang residente
Panatilihing ligtas ang ating mga parke at palaruan para sa ating mga anak
Titiyakin ang transparency sa pananalapi

Bilang inyong Miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Cerritos, magsusumikap ako para sa ating mga residente, matatanda, kabataan, may-ari ng negosyo at lahat ng stakeholder. Ang Cerritos ay tahanan ninyo at tahanan ko rin. Ang kalidad ng buhay para sa lahat ng residente ay ang aking magiging pangunahing priyoridad. Makikinig ako at magiging boses sa inyong mga alalahanin.

Mapagpakumbaba akong humihingi ng inyong boto. "JC" Jignesh Chokshi para sa Konseho ng Lungsod ng Cerritos

Voteforjc@gmail.com

SOPHIA TSE

Trabaho: Miyembro ng Lupon ng ABCUSD/Nars

Nagkaroon ako ng pribilehiyong tawagin ang Cerritos na aking tahanan sa loob ng 41 taon, pinalaki ko ang aking mga anak dito, at pinahalalagan ko ang oras kasama ang aking mga apo. Ang labimpitong taong karanasan ko bilang miyembro at presidente ng Pinag-isang Lupon ng Distrito ng Paaralan ng ABC (ABC Unified School District Board, ABCUSD) ay naghandang sa akin para epektibong makipagtulungan para sa kapakinabangan ng ating komunidad. Ipinagmamalaki ko ang katatagan ng pananalapi ng ating distrito at nilalayan kong dalhin ang pagtuong iyon sa Bulwagan ng Lungsod.

Handa akong maglingkod sa Konseho ng Lungsod dahil nangangailangan ang Cerritos ng tiyak na pamumuno para harapin ang mga kritikal na hamon. Bilang isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, inuuna ko ang kalusugan at kaligtasan ng ating mga residente. Para sa Cerritos, nangangahulugan ito ng pagpapalakas ng mga ugnayan sa mga lokal na ospital at pagpapahusay ng access sa pang-emergency na pangangalaga. Tungkol sa kaligtasan ng publiko, kailangan natin ng mas malakas na pakikipagtulungan sa ating Departamento ng Sheriff para labanan ang tumataas na bilang ng mga pagnanakaw at pagnanakaw ng sasakyan.

Para maibalik ang pagmamalaki ng komunidad, dapat tayong makipagtulungan sa Caltrans at mga lungsod para matugunan ang mga napapabayaang access point sa freeway at iba pang alalahanin sa impraestruktura na nakakaapekto sa ating kalidad ng pamumuhay.

Maigi akong magtatrabaho para gawing mas ligtas at kapakinabang ang Cerritos. Sama-sama, matitiyak natin ang magandang kinabukasan para sa ating mga pamilya. Mapagpakumbaba akong humihiling ng inyong boto sa 3/4/2025.

Taos-puso

Sophia Tse

www.sophia4cerritos.com

tse@sophia4cerritos.com

(562)277-1411



ANG WALANG KINIKILINGANG PAGSUSURI NG ABOGADO NG LUNGSOD SA PANUKALA J

LUNGSOD NG CERRITOS

Ang Panukala sa Balota na Nangangailangan ng Pag-apruba ng Botante para Baguhin ang Kasalukuyang Petsa ng Pangkalahatang Munisipal na Halalan, at Pagsusunod sa Mga Pag-amyendang Nauugnay Dito

Inilagay ng Konseho ng Lungsod ng Cerritos ang panukalang ito ("Panukala J") sa balota noong Marso 4, 2025 para hilingin sa mga botante ng Lungsod na amyendahan ang Charter ng Lungsod ng Cerritos para: (1) hilingin ang pag-apruba ng botante ng Lungsod na baguhin ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan, na kasalukuyang itinatatag ng Konseho bilang unang Martes pagkatapos ng unang Lunes ng Marso sa bawat odd na numero na taon, at (2) gumawa ng mga pag-amyenda sa mga tuntunin ng Miyembro ng Konseho at petsa ng pagpili ng Alkalde.

Sa California, inuri ang mga lungsod bilang alinman sa charter o pangkalahatang batas. Nagpapahintulot ang Konstitusyon ng California sa mga charter ng lungsod na maglaan para sa pagsasagawa ng mga halalan sa lungsod.

Isang charter na lungsod ang Cerritos. May mga probisyon ang Charter nito para sa pangkalahatang munisipal na halalan ng Cerritos na sumasaklaw sa dalawang taon na halalan ng Miyembro ng Konseho at (kung naaangkop) mga panukala sa balota na partikular sa Lungsod. May 5 miyembro ng Konseho ang Cerritos, bawat isa ay maglilingkod sa 4 na taong termino, na magsisimula sa unang Miyerkules pagkatapos ng halalan ng Miyembro ng Konseho. Bawat taon, pumipili ang mga miyembro ng Konseho ng isang miyembro para magsilbing Alkalde.

Nang pinagtibay ng mga botante ng Cerritos noong 1959, partikular na itinakda ng Charter, sa teksto nito, ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan sa ikalawang Martes ng Abril ng bawat even na numero na taon. Noong 1994, inaprubahan ng mga botante ng Cerritos ang pag-amyenda sa Charter na nagpapahintulot sa Konseho na itakda sa pamamagitan ng ordinansa ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan batay sa listahan ng mga pinapayagang petsa sa ilalim ng Kodigo sa Halalan ng California. Nagpapahintulot din ang 1994 na pag-amyenda ng Charter sa 4 na taong termino ng Miyembro ng Konseho na magbago, ngunit para lang tumanggap ng pagbabago sa petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan na walang pagpapahaba o pagpapaisig ng termino nang higit sa 12 buwan. Nangangailangan ang batas ng California at Cerritos ng hindi bababa sa isang pangkalahatang munisipal na halalan sa petsang tinukoy ng alinmang ordinansang pinagtibay ng Konseho; pagkatapos noon, maaari lang baguhin ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan sa pamamagitan ng kasunod na ordinansang pinagtibay ng Konseho.

Noong Abril 2023, pinagtibay ng Konseho sa pamamagitan ng ordinansa ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan ng Cerritos bilang ang unang Martes pagkatapos ng unang Lunes ng Marso sa bawat odd na numero na taon. Sa ilalim ng kasalukuyang Charter, ito ay mananatiling petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan maliban kung nagpatibay ang Konseho ng kasunod na ordinansa.

Amyendahan ng Panukala J ang Charter para palitan, sa teksto ng Charter, ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan ng Lungsod bilang ang unang Martes pagkatapos ng unang Lunes ng Marso sa bawat odd na numero na taon, at para linawing hindi mababago ang petsang ito maliban sa pagboto sa hinaharap ng mga botante ng Cerritos. Gagawa rin ang Panukala J ng mga pag-amyendang umaayon para, mula 2026 at mga susunod na taon, magsimula ang mga termino ng Miyembro ng Konseho, at maganap ang petsa ng pagpili ng Alkalde, sa ikalawang Miyerkules ng Abril.

Ang pagboto ng "Oo" ay pabor sa pagdaragdag, sa teksto ng Charter, sa kasalukuyang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan at pagkatapos nito ay nangangailangan ng pag-apruba ng botante ng Lungsod sa pamamagitan ng pag-amyenda sa Charter para baguhin ang petsang ito. Ang pagboto ng "Hindi" ay kontra sa pagdaragdag, sa teksto ng Charter, sa kasalukuyang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan, na hindi binabago ang kasalukuyang batas ng Cerritos na nagpapahintulot sa Konseho na itatag ang petsa ng pangkalahatang munisipal na halalan sa pamamagitan ng ordinansa. Kung ang simpleng mayorya ng mga botante na bumoboto sa panukalang ito ay bumoto ng "Oo," kung gayon pagtitibayin ang Panukala J.

WILLIAM H. IHRKE
Abogado ng Lungsod

Ang pahayag sa itaas ay isang walang kinikilingang pagsusuri ng Panukala J. Kung gusto mo ng kopya ng panukala, mangyaring tawagan ang Tanggapan ng Klerk/ Opisyal ng Halalan ng Lungsod ng Cerritos sa (562) 916-1248 o mag-email sa election2025@cerritos.us at ipapadala sa mail ang kopya nang wala kang babayaran.

Ang mga argumento sa pagsuporta o pagsalungat sa iminumungkahing batas ay ang mga opinyon ng mga may-akda.

ARGUMENTONG PABOR SA PANUKALA J

Magpapanumbalik ng kontrol sa mga petsa ng halalan sa ating mga residente ang pagboto ng 00.

Noong 1994, na-amyendahan ang ating Charter sa humigit-kumulang 78% mayoryang boto para baguhin ang halalan ng Lungsod sa odd na numero na taon para payagan ang mga botanteng tumuon sa mga lokal na isyu at kandidato pagkatapos ilipat ng Estado ang petsa ng pangunahing halalan mula Hunyo sa isang napakalapit na petsa sa ating munisipal na halalan. Walang termino ang maaaring pahabain ng 12 buwan. Binago rin ng Pag-amyenda ng Charter ang pangangailangan mula sa boto ng Mamamayan patungo sa boto ng Konseho para baguhin ang anumang petsa ng halalan.

Sa pagpupulong ng Konseho ng Lungsod noong Setyembre 26, iniulat ng item 9A ng agenda na mayroong 5 pagbabago sa petsa ng halalan:

Noong Pebrero 16, 1995 ayon sa 1994 na Panukala, bumoto ang Konseho para ilipat ang munisipal na halalan sa Marso 1997 at sa gayon ay pinalawig ang kanilang termino ng humigit-kumulang 11 buwan.

Noong Nobyembre 7, 2016, pinahaba ng Konseho ang kanilang termino ng 5 linggo.

Noong Enero 11, 2018, bumoto ang Konseho na pahabain ang termino ng 11 buwan dahil sa batas ng Estado na nag-aatas sa lahat ng halalan na idaos sa mga tinukoy na petsa sa panahon ng even na numero na taon. Ilang Lungsod ang naniwala sa Charter at awtoridad ng kanilang Lungsod na protektado ng Konstitusyon ng California at idinemanda ang Estado. Natalo ang Estado sa Hukuman ng Pag-aapela at tumanggap ituloy pa ang kaso.

Noong Oktubre 28, 2021, bumoto ang Konseho na muling itatag ang mga dekada ng mahabang kasanayan na nagpapahintulot sa aming mga residenteng ipagpatuloy ang solong pagtutok sa mga lokal na halalan sa odd na numero na taon, na pinahaba ang kanilang mga termino ng 11 buwan.

Kasunod nito, maraming residente ang nagreklamo na nagsasabing hindi dapat payagang pahabain ng Konseho ng Lungsod ang kanilang sariling termino ng panunungkulan nang halos 12 buwan, sa pagitan ng alinman sa dalawang halalan.

Tandaan, tumatanggap ang lahat ng botante ng balota sa pamamagitan ng mail at/o mga direksyon patungo sa lokasyon sa pagboto. Hinihikayat namin kayong bumoto!

Inirerekomenda namin ang pagboto ng 00 para PAHINTULUTAN na ANG MGA RESIDENTE LANG ang may karapatang magpalit ng anumang petsa ng halalan.

NARESH SOLANKI
Alkalde, Lungsod ng Cerritos

BRUCE W. BARROWS
Miyembro ng Konseho, Lungsod ng Cerritos

ARGUMENTONG KONTRA SA PANUKALA J

Bumoto ng HINDI sa Pag-amyenda sa Charter J. Magtatatag ang panukalang ito ng munisipal na halalan na gaganapin sa Marso sa mga odd na numero na taon. Ipinapakita ng data ang mas mababang paglahok ng mga botante sa mga munisipal na halalan kumpara sa mga pinagsama-samang halalan na ginaganap sa Nobyembre ng mga even na numero na taon. Maaaring magresulta ang mababang paglahok ng mga botante sa hindi maayos na pagkatawan ng mga mamamayan, na humahantong sa "pamahalaang hindi kinakatawan". Maaari din nitong mabawasan ang bisa ng ating lokal na pamahalaan. Bumoto ng HINDI sa J! Kailangan natin ng petsa ng halalan na nagsisilbi sa mga mamamayan, ipinapakita ng mga istatistika na ang petsa ay hindi sa Marso ngunit ito ay sa Nobyembre ng mga even na numero na taon!

BARBARA SUE CARTER

ANG WALANG KINIKILINGANG PAGSUSURI NG ABOGADO NG LUNGSOD SA PANUKALA K

LUNGSOD NG CERRITOS Panukala sa Balota na Nagmumungkahi ng Komprehensibong Paglilinis at Modernisasyon ng Charter ng Lungsod

Inilagay ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Cerritos ang panukalang ito ("Panukala K") sa Marso 4, 2025 na balota para hilingin sa mga botante ng Lungsod na aprubahan ang "komprehensibong paglilinis at modernisasyon" ng Charter ng Lungsod ng Cerritos.

Pinagtibay ang Charter noong 1959 at binago kamakailan, sa pamamagitan ng pag-apruba ng botante ng Lungsod, noong 2022 para, bukod sa iba pang pag-amyenda, komprehensibong "paglilinis" sa mga hindi napapanahong salita, kasanayan, at naunang probisyon sa batas ng Estado. Aamyendahan ng Panukala K ang Charter para baguhin ang iba pang naunang probisyon sa batas ng Estado, pataasin ang kahusayan sa pagpapatakbo sa buong lungsod sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga sanggunian sa mga hindi napapanahong kasanayan, at gumawa ng iba pang hindi nauugnay na paglilininaw o pagwawasto.

Nagbibigay ang kasalukuyang Charter ng awtoridad para sa Konseho ng Lungsod ng Cerritos na humirang ng Tagapamahala ng Lungsod, Klerk ng Lungsod, Ingat-yaman ng Lungsod at Abogado ng Lungsod. Binibigyan ng kasalukuyang Charter ang mga posisyon ng Klerk ng Lungsod at Ingat-yaman ng Lungsod na maaaring hawakan ng parehong tao, at sa kasaysayan naging kaugalian na ito ng Lungsod. Sa paglipas ng panahon, itinalaga at ginampanan ang mga tungkulin sa trabaho na pinangangasiwaan ng Ingat-yaman ng Lungsod ng Tagapamahala ng Pananalapi ng Lungsod, na, bukod sa iba pang responsibilidad sa trabaho, ay naghahanda at nangangasiwa sa taunang badyet ng Lungsod, at hinirang ng at nagtatrabaho sa ilalim ng Tagapamahala ng Lungsod. Babaguhin ng Panukala K ang ilang seksyon sa Charter para ipakita ang makabagong kasanayan na ito sa pagpapatakbo sa pamamagitan ng pagpapalit ng Ingat-yaman ng Lungsod mula sa posisyong hinirang ng Konseho patungo sa posisyong hinirang ng Tagapamahala ng Lungsod.

May mga probisyon ang kasalukuyang Charter tungkol sa muling pag-iskedyul ng mga regular na pagpupulong at ang pagbibigay ng abiso sa mga espesyal na pagpupulong ng Konseho. Babaguhin ng Panukala K ang Charter para sundin ang mga makabagong kasanayan sa pagpapatakbo ng nauugnay sa muling pag-iskedyul at pagbibigay ng abiso sa mga kaukulang uri ng mga pagpupulong ng Konsehong ito.

May mga probisyon ang kasalukuyang Charter tungkol sa mga roll-call na pagboto para sa mga tinukoy na nakagawiang pagkilos. Babaguhin ng Panukala K ang mga probisyon ng roll-call na pagboto para tanggapin ang elektroniko o pasalitang pagboto, at linawin ang kakayahan ng Konseho na i-waive ang pagbabasa ng mga titulo at buong teksto ng mga ordinansa at resolusyon, kapag bumoto sa mga nakagawiang pagkilos na ito.

Nagbibigay ang kasalukuyang Charter ng sinumang inihalal na opisyal ng Lungsod na tumatanggap ng anumang iba pang elektibong pampublikong katungkulan ay itinuring na bakante sa inihalal na posisyon ng Lungsod. Tinutukoy ng Panukala K ang petsa ng pagbakante. Gagawa rin ang Panukala K ng iba at hindi nauugnay na typographical o gramatikal na paglilininaw o pagwawasto.

Pabor ang pagboto ng "Oo" sa pagpapatibay ng komprehensibong paglilinis at modernisasyon ng Charter tulad ng itinadadhana sa Panukala K. Kontra ang pagboto ng "Hindi" sa pagbabatibay ng komprehensibong paglilinis at modernisasyon ng Charter. Kung ang simpleng mayorya ng mga botanteng bumoboto sa panukalang ito ay bumoto ng "Oo," kung gayon pagtitibayin ang Panukala K.

WILLIAM H. IHRKE
Abogado ng Lungsod

Ang pahayag sa itaas ay isang walang kinikilingang pagsusuri ng Panukala K. Kung gusto mo ng kopya ng panukala, mangyaring tawagan ang Tanggapan ng Klerk/Opisyal ng Halalan ng Lungsod ng Cerritos sa (562) 916-1248 o mag-email sa election2025@cerritos.us at ipapadala sa mail ang kopya nang wala kang babayaran.

Ang mga argumento sa pagsuporta o pagsalungat sa iminumungkahing batas ay ang mga opinyon ng mga may-akda.

ARGUMENTONG PABOR SA PANUKALA K

Magiging napapanahon ang Charter ng Lungsod sa pamamagitan ng pag-alis ng mga salungatan sa mga Pang-estado at Pederal na batas sa pagboto ng OO. Itatama rin ng "paglilinis (clean-up)" na ito ang mga isyu sa gramatika at gawing moderno ang wika.

Inirekomenda ang pag-amyenda sa Charter na ito ng Konseho ng Lungsod noong Oktubre 7, 2024.

BRUCE W. BARROWS
Miyembro ng Konseho

LYNDA P. JOHNSON
Miyembro ng Konseho

WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA NA ITO ANG NAISUMITE